Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-17 NG ABRIL, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ............... | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 126 -T-2002*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGDARAOS NG PASABONG SA MGA ARAW NG HUWEBES, BIYERNES AT SABADO MULA SA IKA-11 ~~NG ABRIL,~~ 2002 HANGGANG SA IKA-29 NG HUNYO, 2002 MALIBAN SA MGA ITINAKDANG ARAW NA IPINAGBABAWAL NG BATAS.*

*SAPAGKA'T*, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ni G. Eddie Opulgencia, Pit Manager na makapagdaos ng pasabong sa mga araw ng [redacted] at Sabado, mula sa ika- 11 ng Abril, 2002 hanggang sa ika-29 ng Hunyo, 2002, sa Argem Sports Coliseum, Brgy. Bubukal ng bayang ito;

*SAPAGKA'T*, matapos na matalakay at malaman na ang bahagi ng kikitain ay ibibigay sa mga namamahala sa kapistahan ng bayan ng Santa Cruz ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Palaro at Libangan na pagtibayin na ang nasabing kahilingan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa *mungkahi* ng *Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez*, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang pagdaraos ng pasabong sa mga araw ng Huwebes, Biyernes at Sabado mula sa ika-11 ng Abril, 2002 hanggang sa ika-29 ng Hunyo, 2002 maliban sa mga itinakdang *araw na ipinagbabawal* ng batas.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pinuno ng Pulisya, Pambayang Ingat-Yaman at Pinuno sa Lisensya at Permiso, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan